1 Bagong pagpaparehistro para sa alien registration

1-4 Certificate of Alien Registration (alien registration card)

Kapag nagparehistro, aabot ng halos 2 hanggang sa 4 na linggo bago ipagkakaloob ang certificate of alien registration (alien registration card). Para sa mga nasa edad na mababa sa 16 taong gulang, maipagkakaloob ang alien registration card sa mismong araw ng pag-aplay. Ang alien registration card ang magsisilbing patibay ng iyong pagkakakilanlan sa Japan. Kailangang laging dala ang alien registration card na ito kapag ang edad ay 16 taong gulang pataas.

Ang certificate of alien registration (alien registration card)



B Alien registration

Bumalik sa TOP ng B Alien registration

Ang certificate of alien registration (alien registration card) na may nakasaad na “walang visa” (“zairyuu no shikaku nashi”)

“No status of residence” ay nakasulat sa alien registration card (pinalakihan). **Mahigpit na ipinagbabawal ang pagtatrabaho**

Ano ang ibig sabihin ng
“walang visa”
na nakasaad sa alien registration card?

Kahit mga dayuhang itinuturing na ilegal (tulad ng mga taong patuloy pa ring naninirahan sa Japan nang higit sa pinahintulutang panahon ng pamamalagi, o tulad ng mga taong dumating o pumasok sa Japan sa pamamagitan ng hindi wastong paraan, tulad ng fake passport atbp.) ay kinakailangang mag-register bilang dayuhan ayon sa batas ng imigrasyon. Kinakailangan din nilang lagi itong dala subalit ang nakasaad dito ay

NO STATUS OF RESIDENCE

na nakusulat sa pula upang maipakitang walang kompirmadong status of residence ang taong may dala nito (Tingnan ang litrato sa kaliwa).
Ang mga ilegal na residente na hindi kompirmado ang status of residence ay hindi maaaring magtrabaho at kailangang sundin ang mga prosesong nakasaad sa batas ng imigrasyon.

Hinalaw mula sa pamphlet “Shutsunyuukoku Kanri no Shiori” (Gabay sa Immigration Control) ng Immigration Bureau of Japan, Ministry of Justice